4

# EPP-IA

## Modyul 3:
## Basic Sketching, Shading at Outlining




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_EPP-IA4_Modyul3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**EPP-IA Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Modyul 3: Basic Sketching, Shading at Outlining**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Babilene R. Bascuña

**Editor:** Jelly M. Flores

**Tagasuri:** Filip P. Cañas

**Tagaguhit:** Fatima Preciousa T. Cabug

**Tagalapat:** Fatima Preciousa T. Cabug

**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr.
Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez,
Lita T. Mijares, Salvador T. Pelingon

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**
**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Site, Rawis, Legazpi City, 4500
Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373
E-mail Address: deped.rov@deped.gov.ph

# 4

# EPP-IA

## Modyul 3:
## Basic Sketching, Shading At Outlining

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*


Sa modyul na ito malalaman ang kasanayan sa paggawa ng basic sketching, shading at outlining. Naibibigay ang kahalagahan ng nabuong proyekto na maging hanapbuhay at makakatulong sa pamayanan.

Sa Modyul na ito, inaasahang naisasagawa ng mag - aaral ang mga sumusunod:


- Natutukoy ang ilang produkto na ginagamitan ng basic sketching, shading at outlining.
- Natutukoy ang ilang tao/negosyo sa pamayanan na ang pinagkaka-kitaan ay ang basic sketching at outlining.

## *Subukin*

1. Ano ang nabubuo sa likurang bahagi ng isang bagay kapag may liwanag na tumatama mula sa harapan nito?



Ano ang pagkakaiba ng dalawang larawan?



________________________________________

________________________________________

________________________________________

| Aralin 3 | INDUSTRIAL ARTS: BASIC SKETCHING, SHADING AT OUTLINING |
|---|---|

## Balikan

Pag – aralan ang sumusunod na mga larawan.

A.



*Image Source: Patrick Fortuna, 2013*

B.




*Image Source: www.onlinecivilforum.com*

C.



*Image Source: Anthony Edcel Globo, 2020*

D.



*Image Source: Harold Gomez, Mural Painting, 2020*

Sino – sino ang mga taong pinapakita sa larawan? Ilarawan ang uri ng trabahong kanilang ginagawa?

A. ______________________________________________

B. ______________________________________________

C. ______________________________________________

D. ______________________________________________

## ***Tuklasin***

Ang kakayahang gumamit ng mga kasanayan sa shading, basic sketching at outlining sa paggawa ng mga produkto ay makapagbibigay ng kabuhayan sa isang tao. Hindi kinakailangan ang isang lugar o puwesto upang magawa ang gawaing ito. Ito ay maaaring isagawa sa isang bahagi ng harap ng bahay.

Sa ating pang araw – araw na gawain, may iba't ibang produkto tayo na ginagamitan ng shading, basic sketching at outlining. Ang mga produktong ito ay iginuguhit muna bago gawin sa aktuwal nitong anyo tulad ng mga damit pangkasal, barong, mga sapatos, mesa, upuan, cabinet, at iba pa. Ito ay isinasagawa upang maging gabay ng mga manggagawa sa pagbuo ng produkto at upang makuha ang totoong hugis at anyo.

Sa pagdidisenyo gamit ang kasanayan sa basic sketching, basic outlining at shading kailangang tandaan ang sumusunod:

1. Tamang modelo o disenyo
2. Tamang tekstura na paglalapatan ng disenyo
3. Tamang kulay na nababagay sa modelo
4. Tamang kagamitan

Mga hanapbuhay na gumagamit ng shading, basic sketching at outlining.

1. Portrait and Printing Shop – ito ay isang uri ng negosyo na tumatanggap ng mga pagawa ng portrait at painting.

2. Building Construction and Design – ito ay uri ng negosyona tumatanggap ng mga kontrata tungkol sa paggawa ng plano at pagdisenyo ng mga gusali at iba pang estruktura.

3. Tailoring and dressmaking shop – ito ay uri ng negosyo na gumagawa ng iba't ibang uri ng kasuotang pambabae at panlalaki.

4. Furniture Shop – ito ay uri ng negosyo na gumagawa ng iba't ibang uri ng mga kagamitan na yari sa kahoy. Halimbawa nito ay mga mesa, cabinet, pinto, at iba pa.

5. Animation and Cartooning – ito ay uri ng negosyo na tumatanggap ng mga kontrata sa paggawa ng mga animation at cartooning.

6. Shoes and Bag Company – ito ay uri ng negosyo na gumagawa ng iba't ibang uri ng sapatos at mga bag.

7. Printing Press – ito ay isang uri ng negosyo na gumagawa ng mga layout at nag – iimprinta maging ito'y mga magasin,diyaryo, libro at iba pang mga babasahin.

**** Mga uri ng produkto na ginagamitan ng shading, basic sketching at outlining.

Painting:





*Image Source: Abegail Bongalonta, Ray of Hope 2014 by Abby Bongalonta, Acrylic on Canvas, jpg. 2021*

Portrait:




*Image Source: Abegail Bongalonta, Tonya 2013 by Abby Bongalonta, jpg. 2021*

Architectural design:




*Image Source: Raquel Quiňano Candelaria, Architect's Perspective, Norque Engineering, jpg. 2021*

Damit:











*Image Source: John Patrick Cunanan, Costume Designs by J.P. Cunanan, jpg. 2021*

****May mga hanapbuhay sa pamayanang rural o urban ang gumagamit ng kasanayan sa shading, basic sketching at outlining. Ang mga ito ay nakapagdaragdag sa kita ng isang pamilya, organisasyon, o ng isang indibidwal na entrepreneu

## ***Suriin***

Paano inilalapat ang disenyo sa mga sumusunod:

Kulayan ng dilaw ang tamang sagot sa loob ng kahon;

a. tasa

| | |
|---|---|
| Printing Press | Furniture Shop |

b. Sapatos

| | |
|---|---|
| Portrait and Printing Shop | Shoes and Bag Company |

c. Kasuotan ng Tao

| | |
|---|---|
| Tailoring and Dressmaking | Building Construction and Design |

d. kabinet

| | |
|---|---|
| Furniture and Sash Shop | Printing press |

e. Tarpaulin Printing

| | |
|---|---|
| Shoes and Bag Company | Animation and Cartooning |

## *Pagyamanin*

Isulat ang uri ng negosyo o kompanya na gumagamit ng shading, basic sketching at outlining sa paggawa ng mga sumusunod na produkto o proyekto.

Isulat lamang ang letra ng tamang sagot:

| | |
|---|---|
| a. portrait and printing shop | e. Building Construction and Design |
| b. Tailoring and Dressmaking Shop | f. Furniture and Sash Shop |
| c. Animation and Cartooning | g. Shoes and Bag Company |
| d. Printing Press | |

_______________ 1. Fabric Painting

_______________ 2. Mugs (Printed)

_______________ 3. pintuan

_______________ 4. Trahe de Buda at barong

_______________ 5. Bag at sapatos

_______________ 6. Construction of Covered Court

_______________ 7. Dyaryo

## *Isaisip*

Marami sa atin ang may kakayahan at kaalaman ukol sa pagpipinta, pagdidisenyo at paggamit ng iba't ibang medium na may kaugnayan sa sining. Ang mga kakayahang ito ang makapagbibigay ng kabuhayan sa isang tao.

| | |
|---|---|
| a.Barong Tagalog at Saya | e.SM Mall |
| b.Certificates at Tarpaulin | f.Dining Table |
| c.Painting | g.Bag |
| d.magazine | h.Classrooms |

Ang sining ay isang kasanayang hindi lamang mapaglilibangan kundi mapagkakakitaan din. Kailangan lamang sa mga gawaing ito ay may kahiligan sa kulay at disenyo.

## *Isagawa*

A. Lagyan ng <u>bulaklak</u> sa loob ng kahon ang nabibilang sa mga halimbawa ng mga produktong ginagamitan ng Basic Sketching, Shading at Outlining.

B. Magtala ng mga hanapbuhay na karaniwang nakikita sa inyong pamayanan. Alin sa mga ito ang gumagamit ng kasanayan sa *shading*, *sketching* at *outlining.*

## *Tayahin*

Iguhit ang bituin ★ kung Tama ang isinasaad sa pangungusap at trianggulo ▲ kung Mali ang isinasaad nito. Isulat ang sagot sa patlang.

__________1. Ang paggawa ng mga gowns o trahe de buda, barong, uniporme ay mga uri ng mga produkto sa tailoring at dressmaking shop.

__________2. Ang negosyo na pintor ay ang pag gawa ng upuan at mesa.

_________3. Isang mahalagang gawain ang Basic Sketching, Shading at Outlining sa larangan ng Sining.

_________4. Paggawa ng sertipiko,diploma at tarpaulin ay isang halimbawa ng mga gawain sa shoes at bag company.

_________5. Malaking tulong sa pamayanan ang mga hanapbuhay na gingamitan ng Basic Sketching, Basic Outlining at Shading.

_________6. Ang mga upuan, mesa, pintuan ay mga produktong makikita sa Furniture shop.

_________7. Isang magaling na inhenyero ang aking tiyo na gumawa ng disenyo ng Covered Court sa aming paaralan.

_________8. T – shirt printing ay isang halimbawang hanapbuhay na printing press.

_________9. Hindi nakakatulong ang mga hanapbuhay gaya ng portrait at painting shop sa aming pamayanan.

_________10. Ang Tailoring and Dressmaking Shop ang uri ng negosyo na gumagawa ng iba't - ibang uri ng kasuutang pambabae at panlalaki.

## *Karagdagang Gawain*

Gumawa ng pananaliksik ukol sa iba pang hanapbuhay sa pamayanan na gumagamit ng shading, basic sketching at outlining.



## *Susi sa Pagwawasto*

**BALIKAN**

a. tattoo artist
b. inhenyerong sibil
c. t - shirt printing
d. pintor

**SURIIN**

a. Printing press
b. shoes and bag company
c. tailoring and dressmaking
d. furniture shoes
e. animation and cartooning

**PAGYAMANIN**

1. a
2. c
3. f
4. b
5. g
6. e
7. d

**ISAGAWA**

A. BULAKLAK (PICTURE)
B. BULAKLAK (PICTURE)
C. BULAKLAK (PICTURE)
D. BULAKLAK (PICTURE)
E. BULAKLAK (PICTURE)
F. BULAKLAK (PICTURE)

**PAGTATAYA**

1. STAR
2. TRIANGLE
3. STAR
4. TRIANGLE
5. STAR
6. STAR
7. STAR
8. STAR
9. TRIANGLE
10. STAR

### ***Sanggunian***

Sheila Mae R. Roson, Roberto B. Torres,Randy R. Emen,2015.Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan Kagamitan ng Mag – aaral, Pasig City Philippines1600:Vibal Group Incorporated.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph